

## Tungkol sa pag-uuri ng mga ugat at salita sa Tagalog at iba pang mga wikang Austronesyano

Daniel Kaufman  
Endangered Language Alliance

### 1.0 Pag-uuri sa iba't ibang antas

- Semantic versus distributional criteria iginiit ng istrukturalismo ang pag-uuri ayon sa distribusyon imbes na kahulugan. Ibig sabihin:

Verb ≠ action word  
Noun ≠ person, place or thing  
Preposition ≠ anywhere a mouse can go

- Sa Ingles, may uri ng salita na maaaring maging komplement ng determiner at mayroon ding hindi. May uri ng salita na maaaring maging prediket nang walang kopula at mayroon ding hindi maaari, halimbawa:

<i>Table 1.</i>		“Eater”	“Ate”	“Skinny”
<b>Function:</b>	Referential			
<b>Context:</b>	Det ___	<b>the eater</b>	*the ate	*the skinny
<b>Function:</b>	Predicative			
<b>Context:</b>	Subject ___	*he eater	<b>he ate</b>	*he skinny
<b>Function:</b>	Modificational			
<b>Context:</b>	Det ___ Noun	*an eater man	*an ate man	<b>a skinny man</b>

- Ang kaugnayan sa pagitan ng uri ng salita at sa kanyang gamit ay napakalapit. May mga salitang na referensyal lang ang gamit, mayroon namang ang predikasyonal lang ang gamit at mayroon ding modifikasyonal lang gamit.

- Batay dito, ang Ingles ay minsan itinuturing na mahigpit sa pag-uuri ng mga salita
- Pero ano ang antas kung saan nagiging mahigpit ang pag-uuring ito?
  - Tignan natin ang antas ng mga ugat. Dito ay lubos na nawawala ang kahigpitan sa pagitan ng mga *verb* at *noun*.

(1)	<u>Referential</u>	<u>Predicative</u>
	A bird	They birded
	A table	They tabled
	A hammer	They hammered
	A nail	They nailed

- Halos imposibleng mahanap anumang ugat sa Ingles na hindi magawang verb
- Ang kahigpitan sa antas ng sailta at pangungusap ay maaaring umiral nang walang ganoong kahigpitan sa antas ng mga ugat. Ang mahigpit sa Ingles, ang kaugnayan sa pagitan ng infleksyon at sintaks.

### 1.1 Ang suliranin ng pag-uuri ng mga salita sa Tagalog

- Mayroon tayong maraming morpolohikal na uri ng salita at medyo tumutugma sila sa mga kilala nating uri ng salita sa Ingles *noun*, *verb* at *adjective* halimbawa: *tagakain*, *kumain*, *payat*. Subalit, mukhang lubos na malaya ang kaugnayan sa pagitan ng uri ng salita at ng kanyang posisyon sa pangungusap o parirala!

<i>Table 2.</i>		“tagakain”	“kumain”	“payat”
<b>Function:</b> <i>Referential</i>				
<b>Context:</b> Det ___		ang tagakain	ang kumain	ang payat
<b>Function:</b> <i>Predicative</i>				
<b>Context:</b> ___ Subject		tagakain siya	kumain siya	payat siya
<b>Function:</b> <i>Modification</i>				
<b>Context:</b> Det Noun ___		lalaking tagakain	lalaking kumain	lalaking payat

- Paano ito dapat maunawaan?

**Haka-hakang A:** Walang pag-uuri sa antas ng salita sa Tagalog.

**Haka-hakang B:** May pag-uuri pero ibang iba ang pag-uuring ito sa pag-uuring nahahanap natin sa Ingles at mga ibang kilalang wika.

#### 1.1.1. Haka-hakang A Walang pag-uuri

- Himmelmann (1991), Gil (1993), Foley (ms.) Ang Tagalog ay isang wikang *pre-categorial* – walang pagkakaiba sa mga verb at noun sa Tagalog. Bunga nito, walang *argument structure* ang mga ugat bago pa silang lapian ng *voice marker*.

(2)	<i>bigay</i>	malabong konsepto ng pagbibigay
	<i>dala</i>	malabong konsepto ng pagdadala
	<i>kain</i>	malabong konsepto ng pagkain

- Ang mga panlaping *i-*, *-in*, *-an*, *-um*- ang nagbibigay ng istruktura sa mga malabong konseptong dinadala ng ugat.

- Dalawang problema sa haka-hakang A:

(i) Kung ang mga ugat ay malabong konsepto lamang at hindi inuuri, aasahan nating medyo malaya ang deribasyon sa pamamagitan ng mga panlapi, ngunit may maraming pasubali, i.e. kombinasyong hindi gramatikal:

(3)	<i>takot</i>	<i>talino</i>
	natakot siya	*natalino
	#matakot siya	matalino siya
	takót siya	*talinó siya
	nakakatakot siya	*nakakatalino siya
	*napakatakot siya	*napakatalino siya
	#tumakot siya	tumalino siya
	tinakot ko siya	*tinalino ko siya
	nanakot siya	*nanalino siya
	kinatakutan ko siya	*kintalinuhan ko siya
	nangatakot sila	*nangatalino sila
	#matatakot sila	matatalino sila

– Ang implikasyon: Tiyak na mayroong pag-uuri sa antas ng ugat sa Tagalog! (Kundi mahuhulaan ang mga maling paggamit sa itaas batay lang sa kahulugan. Kung gayon, puwedeng sabihing nasa semantiks ang problema, hindi sa pag-uuri *per se*.)

(ii) Maaaring gamitin ang mga ugat bilang salita at napakanormal naman nito. Hindi sila nakasalalay sa mga panlaping *voice* para lumitaw sa isang pangungusap.

(4a) Mabigat ang dala nila.                      (b) Dala niya ang libro.

Hindi lang iyon kundi may itinatanging papel ang ugat. Nakatuon siya sa *patient* –

(5a) #Matangkad ang dala ng libro              (b) #Dala ng libro si Juan

- Samakatuwid: hinding hindi malabong konsepto lamang ang mga ugat ng Tagalog. Sa kabilang banda, dapat din nating ihambing ang mga ugat na (ayon sa intuitiyon ay) pangkaganapan (*event denoting roots*) sa mga ugat na pambagay (*entity denoting roots*)

(6)

<i>aso</i>	<i>lakad</i>
maaso siya	malakad siya
mag-aso siya	mag-lakad siya
umaso siya	lumakad siya
nakakaaso siya	nakakalakad siya
inaso ko siya	nilakad ko siya
ang áso	ang lákad
*asó siya	*lakád siya

- Ang lumalabas dito ay halos pareho ang ugali ng ugat na pangkaganapan at ugat na pambagay. Baka may butil ng katotohanan nga ang haka-hakang A!
- Pansinin ninyo na mas malapit sa isa't isa ang mga ganitong klaseng ugat sa Ingles pag inihambing sa ugat na pangkatangian (*property denoting*):

(7)

<i>tree</i>	<i>run</i>	<i>strong</i>
a good tree	<b>a good run</b>	*a good strong
<b>he treed the rabbit</b>	he ran	*he stronged
*very tree	*very run	very strong

### 1.1.2. Haka-hakang B Ibang klaseng pag-uuri

- Ang panukalang ipagtatanggol ko dito ay may mahabang kasaysayan sa pag-aaral ng mga wikang Austronesyano: **nominalayser** ang mga panlaping *-um-*, *-in*, *-an* at *i-* at samakatuwid ang mga nilapiang produkto ng mga ito ay **nominal**.
- Sa ganito, hindi na nakapagtataka ang mga parirala tulad ng “ang kumain” pero ang problema natin ngayon ay bakit puwedeng maging prediket ang bawat uring salita?

(8)

	“tagakain”	“kumain”
<b>Function:</b> <i>Referential</i>		
<b>Context:</b> Det ___	<b>ang tagakain</b> Det N	<b>ang kumain</b> Det N
<b>Function:</b> <i>Predicative</i>		
<b>Context:</b> ___ Subject	<b>tagakain siya</b> N N	<b>kumain siya</b> N N
<b>Function:</b> <i>Modification</i>		
<b>Context:</b> Det Noun ___	<b>lalaking tagakain</b> N N	<b>lalaking kumain</b> N N

- Hindi gaano kadalang ang mga wikang “omnipredicational” sa mundo. Ang mga wikang ito'y puwedeng gumamit ng kahit anong klaseng salita bilang prediket.

- (7a) Hu more  
3SG.MSC.NOM teacher.SG.MSC  
'Guro siya.'
- (b) Hu melamed  
3SG.MSC.NOM teach.3SG.MSC.PRES  
'Nagtuturo siya.'
- (c) Hu raze  
3SG.MSC.NOM skinny.SG.MSC  
'Payat siya.'
- (8a) Hu **haya** more  
3SG.MSC.NOM COP.PST teacher.SG.MSC  
'Guro siya (noon)'
- (b) Hu limed  
3SG.MSC.NOM teach.3SG.MSC.PST  
'Nagturo siya.'
- (c) Hu **haya** raze  
3SG.MSC.NOM COP.PST skinny.SG.MSC  
'Payat siya (noon)'

- Sa kabilang banda, hindi kaya ng wikang Ebreo ang nakakayanan ng mga wikang Pilipino, sa partikular, ang gumawang nominal/argumento sa kahit anong salitang naka-inflek ng aspek:

- (9a) Ha-more (b) Ha-raze (c) \*Ha-limed  
DET-teacher DET-skinny DET-teach.3SG.MSC.PST  
'Ang guro' 'Ang payat' (cf. Ang nagturo)

- Sa katunayan, may ganoong restriksyon din ang Tagalog kundi lumalabas lang ito sa mga deyktik, na ayaw maging komplement ng determiner:

- (10a) \*?ang dito (b) ang nan-dito

- Mas madaling mauunawaan ang lahat na ito kung ituturing natin ang mga salitang katulad ng *nagturo* bilang nominal na may aspek. Kung nasa case marker ang kakayahang gumawa ng argumento sa kahit anong salita, dapat lubos na gramatikal ang (10a).

- Isa pang patunay na kahawig ng itaas ang infleskyong pautos ng Batangas Tagalog:

- (11a) Buksan mo ang pintuan! *Batangas Tag.*  
(b) Buksi ang pintuan!

- Hindi maaaring banggitin ang agent tulad sa mga karaniwang mga imperatibo sa mga ibang wika.
- Hindi maaaring nakapaloob sa argumento ang anyong pautos:

- (12a) Ito na lang ang buksan mo  
 (b) \*Ito na lang ang buksi!

*Batangas Tag.*

- Sa ibang salita, mukhang totoong verb ang anyong pautos ng Batangas at puwede namang tuntunin ang mga anyong ito sa unang mga verb ng Austronesyano! Naisantabi nga lang siya sa Batangas at ginagamit lang bilang pautos.

## 2. Ang mga ipinapaliwanag ng nominalismo

- Naipapaliwanag ng nominalismo ang apat na katangian na nahahanap sa lahat ng mga konserbatibong wikang Austronesyano:
  - Ang pagkamayaman ng sistemang *voice*
  - Ang ugali ng *case*
  - Ang mga alituntunin ng ekstraksyon
  - Pagkakahati ng pangungusap (*clausal constituency*)

### 2.0 Ang mga panlaping *voice*

- Bukod sa mga wikang Austronesyano, walang ibang wika sa mundo na mayroong mga *voice* para sa *locative, actor, patient, instrumental, at benefactive*. Sa kabilang banda naman, maraming wika ang mayroong ganitong nominalisasyon, e.g.

(13a)	kahinta sweep	(b)	i-kahinte INSTR-sweep 'broom'	<i>Lakhota</i> (Buechel 1939, Comrie & Thompson 2004)
(14a)	kasleca split	(b)	i-kaslece INSTR-split 'wedge'	<i>Lakhota</i>
(15a)	lóta dream	(b)	li-lot-elo CL-dream-LOC 'place of dreaming'	<i>Si-Luyana</i> (Givon 1970)
(16a)	móna see	(b)	li-mon-eno CL-see-LOC 'place of seeing'	<i>Si-Luyana</i>
(17a)	lóta dream	(b)	lu-lot-o CL-dream-PAT 'a dream'	<i>Si-Luyana</i>
(19a)	lat' whip	(b)	lat'-ema whip-INSTR 's.t. for the purpose of whipping'	<i>Wappo</i>

- Kung totoong nominalisasyon ang tinatawag nating “voice”, hindi na nakapagtataka na ganoon karami ang “voice” sa mga wikang Austronesyano.

## 2.1 Ang ugali ng *case*

- Sa lahat ng mga konserbatibong wikang Austronesyano, magkagaya ang *case* ng may-ari at ng hindi *actor voice* na *agent*:

- |                                    |                                    |
|------------------------------------|------------------------------------|
| (20a) Ito ang libro <b>ni</b> Weng | (b) Ito ang sinulat <b>ni</b> Weng |
| (21a) Ito ang <b>aking</b> libro   | (b) Ito ang <b>aking</b> sinulat   |

- Kung parehong nominal ang *libro* at *sinulat*, hindi na ito nakapagtataka na parehong *genitive* ang itinatakda sa possessor/agent.

## 2.2 Ang ekstraksyon

- Ang restriksyong pinakagigiliwan at itinuturing na mahiwaga ng napakaraming linguist:

- |                                  |                                   |
|----------------------------------|-----------------------------------|
| (22a) Binili ni Boboy ang baboy  |                                   |
| (b) Ang baboy ay binili ni Boboy | (c) *Ni Boboy ay binili ang baboy |

- Kung tama ang pananaw natin sa *voice* bilang nominal, at samakatuwid ang pariralang “ng” bilang may-ari o *possessor*, nagiging normal ulit ang pagka-di-gramatikal ng (22c). Ihambing natin ito sa Ingles:

- |  |                        |
|--|------------------------|
| (23a) The pig was the purchase of Boboy    | <i>Patient Nominal</i> |
| (b) What ___ was the purchase of Boboy?    |                        |
| (c) *Of who was the pig the purchase ___ ? |                        |

- |  |                         |
|--|-------------------------|
| (24a) Boboy was the purchaser of the book  | <i>Agentive Nominal</i> |
| (b) Who ___ was the purchaser of the book? |                         |
| (c) *Of what was Boboy the purchaser ___ ? |                         |

- Bakit kaya di-gramatikal ang mga halimbawang (c)?

- Kung totoong may-ari (*possessor*) ang *ng-agent*, ibig sabihin, iisang malaking pariralang nominal ang prediket at saka *ng-agent* na may iisang referent, e.g. Boboy's purchase. Hindi mahilig mapaghiwalay ang mga NP, o mga pariralang iisa ang itinutukoy.

- |  |
|--|
| (25a) Ibinigay [ni Boboy] <sub>1</sub> [ang dalawang malaking baboy] <sub>2</sub> [kay Baby] <sub>3</sub>                |
| (b) Ibinigay [ni Boboy] <sub>1</sub> [kay Baby] <sub>3</sub> [ang dalawang malaking baboy] <sub>2</sub>                  |
| (c) *Ibinigay [ni Boboy] <sub>1</sub> [ang dalawa] <sub>2</sub> [kay Baby] <sub>3</sub> [na malaking baboy] <sub>2</sub> |

- Kung bahagi ng nominal na prediket ang *ng*-agent, tulad sa inilarawan sa (22a), bakit puwede pang ihiwalay siya ng mga ibang parirala?

(26a) [Ibinigay [ni Boboy]<sub>1'</sub>]<sub>1</sub> [kay Baby]<sub>3</sub> [ang baboy]<sub>2</sub>  
 (b) %Ibinigay ]<sub>1</sub> [kay Baby]<sub>3</sub> [ni Boboy]<sub>1'</sub> [ang baboy]<sub>2</sub>

### 2.3 Ang pagkakahati ng pangungusap sa koordinasyon

- Sumasangayon ang koordinasyon sa pagkakahati ng pangungusap na:  
 [Pred *ng*P] [*ang*P]

(27a) [[Huhugasan [ni Boboy]] at [pupunasan [ni Baby]]] [ang mga pinggan]  
 (b) \*?[[Niluto ang pagkain] at [hinugasan ang mga pinggan]] [ni Jose]

(Kroeger 1993:34)

## 3.0 Mga suliranin

- Kung panay nominal ang mga itinuring nating verb, bakit ang aktor voice ay nahihirapang magkaroon ng may-ari:

(28a) Ito ang mga manlalaro ng Pilipinas  
 (b) %Ito ang mga naglalaro ng Pilipinas

(29a) Ito ang nagyuU.P. ko  
 (b) Ito ang nag-aaral ko sa U.P.

- Bakit mukhang nahihirapan ding magkaroon ng “mga” ang itinuring nating verb:

(30a) mga bata sila                      (b) ?mga magsasalita sila

- Ano ang nagtatakda ng voice sa mas mataas na prediket kapag may inekstrakt sa mas mababang prediket? Bakit kailangang *patient voice* ito?

(31a) Ano ang sinabi nila sa iyo na aawitin ko?  
 (b) \*Ano ang nagsabi sila sa iyo na aawitin ko?  
 (c) \*Ano ang sinabihan ka nila na aawitin ko?

(32a) Ang Pyramid ang sinabi nila sa iyo aawitin ko.  
 (b) \*Sinabi nila sa iyo ang Pyramid na aawitin ko.

(33a) Saan niya sinabi na pupunta siya?  
 (b) %Saan siya nagsabi na pupunta siya?  
 (c) \*Saan ka niya sinabihan na pupunta siya?